Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 14 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 21 ABRIL 2003, IKA-9:20 NG UMAGA SA SITIO DALAHICAN, BARANGAY SAN JOSE.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Baticos	- Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Herman C. Erorita	
Konsehal Gemmar C. Montesa	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo, Pambayang Federasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Jovito D. Estrada

KAPASYAHAN BLG. 038
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA BARANGAY SAN JOSE AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang regular na sesyon sa ikalawa at ikaapat na Lunes ng bawa't buwan sa mga barangay ng bayang ito;

SAPAGKA'T ang ikaapat na barangay na pinagdausan ng pulong ay ang Barangay San Jose na ginanap ngayong Abril 21, 2003;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng San Jose at ilang mamamayan at dito'y nagkaroon ng maayos at makabuluhang pagdidiyalogo ukol sa mga pangangailangan at mga proyektong ikaunlad ng barangay,

SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at paghihigay ng panahon ng pamunuang barangay ng San Jose at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawa't mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may mahalagang bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng San Jose sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at sa staff nito sa ginawang pagpupulong sa barangay ngayong Abril 21, 2003

DAHIL DITO, mungkahi ni Konsehal Hernan C. Erorita na sinang ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng San Jose at sa mga mamamayan nito ang tauspusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at sa staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Abril 21, 2003.

IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Jose, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Punong Barangay Manuel V. Clomonte, Jr. para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. 22 Abril 2003

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/
042203